American Journal of Humanities and Social Sciences Research (AJHSSR)
e-ISSN: 2378-703X
Volume-09, Issue-07, pp-470-479
www.ajhssr.com
Research Paper Open Access

# Estilo ng Pagkatuto ng mga Mag-aaral mula sa Batsilyer ng Edukasyong Pansekundarya na Nagpapakadalubhasa sa Wikang Filipino

Keana Rized A. Anastacio[1], Jerhan E. Kasim[2,] Edilyn A. Jainal[3]
Liliani T. Omamalin[4]
[1,2](College of Teacher Education, Western Mindanao State University)
[3&4](College of Liberal Arts, Western Mindanao State University)

**ABSTRACT:** Students have their own ways of how they prefer to learn or understand things. Because of this, there is what we call a learning style. This is because students have different effective ways of learning. They may learn better through their sense of sight (visual learners), hearing (auditory learners), reading and writing (read and write learners), and movement (kinesthetic learners). This study aims to explore how often students of the Bachelor of Secondary Education major in Filipino at the Western Mindanao State University use different learning styles based on their academic performance. A descriptive quantitative research design was used to gather data from sixty (60) participants in the study. This study focused on the frequency of use of learning styles and whether there is a significant difference in the use of learning styles based on gender and academic performance. The results of this research show that the most frequently used learning styles by students based on their academic performance are Visual and Auditory. They sometimes use the Kinesthetic learning style. Meanwhile, male students often use the Auditory learning style, while female students tend to use the Visual learning style more. The outcome of this research indicates that there is no significant difference between students' learning styles and their academic performance, and there is also no significant difference between students' gender and their learning styles.
***KEYWORDS –*** *Learners, Learning styles, Academic Performance, Gender*
**ABSTRAK:** Ang mga mag-aaral ay may sariling pamamaraan kung paano nila gusto matuto o matutuhan ang mga bagay. Kung kaya ay mayroong tinatawag na estilo ng pagkatuto. Sapagkat, ang mga mag-aaral ay mayroon iba't ibang mabisang paraan kung paano sila natututo. Maaaring mas natututo sila gamit ang kanilang mga paningin (Visual learners), pandinig (auditory learners), pagbasa at pagsulat (read and write learners), at kilos o galaw (kinesthetic learners). Ang pag-aaral na ito ay naglalayong tuklasin kung gaano kadalas ginagamit ng mga mag-aaral ng Batsilyer ng Edukasyong Pansekundarya na Nagpapakadalubhasa sa Wikang Filipino ng Pampamahalaang Unibersidad ng Kanlurang Mindanao ang mga estilo ng pagkatuto batay sa akademikong pagganap. Ginamit ang Descriptive quantitative research design upang makalap ang mga datos mula sa animnapung (60) kalahok sa pag-aaral. Ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa dalas ng paggamit ng estilo ng pagkatuto, at kung may makabuluhang pagkakaiba ang dalas ng paggamit ng mga estilo ng pagkatuto sa batay sa kasarian at akademikong pagganap. Ang resulta ng pananaliksik na ito ay nagpapakita na ang mga madalas na ginagamit na estilo ng pagkatuto ng mga mag-aaral batay sa kanilang akademikong pagganap ay ang visual at auditory, minsan naman nila ginagamit ang Pandamang estilo ng pagkatuto. Samantala ang mga lalaking mag-aaral ay madalas na ginagamit ang auditory na estilo ng pagkatuto at visual na pagkatuto naman sa babaeng mag-aaral. Ang kinalabasan ng pananananaliksik na ito ay nagpapahiwatig na walang makabuluhang pagkakaiba ang estilo ng pagkatuto ng mga mag-aaral sakanilang akademikong pagganap at wala ring makabuluhang pagkakaiba ang kasarian ng mga mag-aaral sakanilang estilo ng pagkatuto.

## I. PANIMULA

Lahat ng mga mag-aaral ay may kani-kanilang estratehiya o estilo ng pagkatuto na siyang nagpapaliwanag kung paano sila natututo and napapanatili ito memorya sa abot ng kanilang makakaya (Kajal, 2020). Ito ay tinatawag na Estilo ng Pagkatuto. Ayon sa *Learning theory* na binigyang diin ni Main (2022), mas mabilis o epektibo ang pag-aaral kung tinuturuan ang mga mag-aaral gamit ang kanilang gustong estilo ng pagkatuto o dulog na tinutukoy bilang kanilang estilo ng pagkatuto.

Ang isang estilo ng pagkatuto ay hindi epektibo sa lahat ng mag-aaral. Kung kaya ay mayroong iba't ibang uri ng estilo ng pagkatuto na ating ginagamit. Nariyan na ang pagkatuto ng mag-aaral gamit ang kanilang paningin (visual learners), nariyan din ang mga indibidwal na natututo gamit ang kanilang pandinig (auditory learners), mayroong mag-aaral na natututo rin gamit ang kanilang pandama (tactile learners) at mayroon ding mag-aaral na mas natututo sa pamamagitan ng pagkilos o paggalaw (kinesthetic learners).

Ngunit, ang mga estilo ng pagkatuto ay hindi lahat nagagamit ng mag-aaral sa isang klase o talakayan. Mayroong mga estilo ng pagkatuto na minsan at madalang na ginagamit ng mga mag-aaral. Dahil ang bawat estilo ng pagkatuto ay nakadepende sa kognitibo, emosyonal, at pangkapaligiran na salik, ganoon din ang ating mga karanasan (Ferreira, 2020). Maging sa pagkatuto na naganap sa panahon ng pandemya, nakatulong din sa kanila ang iba't ibang estilo sa pagkatuto sa tulong na rin ng teknolohiya (Saavedra, Alejandro at Espinosa, 2022).

Ayon kay Escuadro noong taong 2023, pagdating sa pag-aaral at pag-unlad, ang pagtukoy sa mga estilo ng pag-aaral ay isa sa mga dapat gawin bago magbigay ng anumang programa ng pagsasanay. Ito ay sapagkat ito ay tumutulong sa pagpapaunlad ng mga karanasan sa pag-aaral ng iyong mga mag-aaral upang tugma ito sa kanilang natatanging mga nais. Sinasang-ayunan ito ng mga guro sa pag-aaral ni Saavedra (2020), kung saan ang paggamit ng *Mother Tongue* (Chabacano) sa pagtuturo sa mga mag-aaral sa Lungsod ng Zamboanga ay napansing nilang hindi epektibo lalo na at hindi naman nakakaunawa at nakapagsasalita ng wikang Chabacano ang lahat ng mga mag-aaral sa Zamboanga. Kung kaya't mas nais pa rin nilang ibalik na lamang ang paggamit ng wikang Ingles at Filipino sa pagtuturo ng lahat ng mga asignatura sa elementarya at maging hiwalay na asignatura na lamang ang *Mother Tongue*.

Kapag tinuturuan ang mga mag-aaral gamit ang isang paraan na tugma sa kanilang estilo ng pag-aaral, mas malamang na mauunawaan nila ang materyal nang mas mahusay at mapananatili ang impormasyon sa mas mahabang panahon. Ito ay nagreresulta sa mas mahusay na pagganap, mas mataas na motibasyon, mas mabuting pakikilahok ng empleyado, at mas mataas na antas ng kumpiyansa. (Escuadro, 2023).

## II. KAUGNAY NA PAG-AARAL

### 1. Estilo ng Pagkatuto ng mga Mag-aaral

Bawat mag-aaral ay natatangi. May mga kani-kaniyang paraan sa pag absorba ng bawat impormasyon na pumapasok sa kanilang isip. Ayon sa Learning Theory na binigyang pansin ni Main sa taong 2023, ang pagkatuto ay mas napapabilis o mas epektibo kung ang mga mag-aaral ay natututong gamitin ang kanilang nais na estilo ng pagkatuto o mga dulog na tinuturing na estilo ng pagkatuto. Ayon sa pag-aaral ni Saavedra (2018), maging ang pagkatuto gamit ang teknolohiya ay nakadepende din sa estilo ng pagkatuto ng mga mag-aaral.

Batay sa resulta ng sarbey na pag-aaral nina Raju at Madhuri, (2017), biswal na pagkatuto ang ninanais na estilo ng pagkatuto ng mga mag-aaral sa sekundarya na sinundan ng awditori, pagbasa, at kinestetik na estilo ng pagkatuto. Ayon kina Raju at Madhuri, (2017), Ang mga mag-aaral sa kategoryang biswal na pagkatuto ay natututo sa pagtingin gamit ang kanilang sariling mga mata. Lahat ng nakikita nila ay nabibigyang kahulugan sa mga larawan ng mga *visual* na mag-aaral. Ang mga batang ito ay nais ang mga *illustration* gaya ng mga guhit, diagram, mapa, at grapik. Ang mga *visual* na mag-aaral ay kadalasang mahuhusay na manunulat at mahusay sa pagsulat.

Ayon kay Chikendu, (2022), ang biswal na estilo ng pagkatuto ay mayroong positibong epekto sa akademikong pagganap ng mag-aaral sa paaralang sekundarya sa Awka South L.G.A. ng Anambra State. Ito ay nagpapahiwatig na nakatutulong ito nang lubos sa akademikong tagumpay ng mag-aaral

### 2. Dalas ng Paggamit ng mga Estilo ng Pagkatuto sa Klase

Ang mga mag-aaral ay may estilo na pinaka ginagamit. Ayon sa resulta ng pag-aaral ni Al-Roomy (2023), ang mga mag-aaral ay nagpapakita ng kagustuhang estilo ng pagkatuto. Ang pinakaginagamit ng mga mag-aaral sa lahat ng estilo ng pagkatuto ay ang *auditory* na sinundan ng kinestetik at indibidwal na estilo ng pagkatuto.

Ngunit, sa pag-aaral ni Magulod (2019), nakita na ang mga mag-aaral na nasa ilalim ng kursong applied sciences na ang kanilang estilo ng pagkatuto ay biswal, group at kinestetik bilang pangunahing estilo habang mayroon namang katamtamang antas sa kanilang kawilihang mag-aral.

### 3. Dalas ng Paggamit ng Estilo ng Pagkatuto batay sa Kasarian ng Mag-aaral

Ang pag-aaral nina Sarabi-Asiabar et al. (2014), ay nagsasabi na mayroong makabuluhang pagkakaiba sa kasarian ng mga mag-aaral. Ang mga babaeng mag-aaral ay mas gusto ang *auditory*. Sa kabilang dako naman, ang mga lalake ay mas nais gamitin ang kinestetik na estilo ng pagkatuto kaysa sa mga babaeng mag-aaral.

Sa 146 na mag-aaral, 113 na mag-aaral ang sumagot sa talatanungan. 95 (84.1%) ang lalake, at 18 (15.9%) ang babae. Ayon sa pag-aaral ni Eid et al. (2021), walang makabuluhang estadistikal na pagkakaiba ang naobserbahan sa babae at lalake batay sa kanilang estilo ng pagkatuto. At ayon sa pag-aaral ni Syahrir et al.

(n.d.), *auditory* na estilo ng pagkatuto ang ninanais ng mga lalaking mag-aaral. Biswal naman ang sa mga babae..

**4. Dalas ng Paggamit Estilo ng Pagkatuto batay sa Akademikong Pagganap**

Batay sa estadistikal na resulta sa pag-aaral nina Lincă and Matei (2024), mayroong makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng mga mag-aaral sa mga estilo ng pagkatuto, na nakadipende sa akademikong pagganap at sa taon ng pag-aaral. Samantala, Ang resulta sa Chi-square test ay hindi nagpakita ng makabuluhang estadistikal na pagkakaiba sa estilo ng pagkatuto ng mga magagaling at nangangailangan ng kalinangan na mag-aaral. (Kohan et al., 2021)

## III. BATAYANG TEORETIKAL

**1. *VISUAL, AURAL, READ/WRITE, AND KINESTHETIC MODEL (VARK MODEL)***

Ang Biswal (Visual), Awditori (Auditory), at Kinestetik (Kinesthetic) na modelo estilo ng pagkatuto ni Neil Fleming (1987) o mas kilalang V. A. K. model na kalaunang naging V. A. R. K sapagkat nadagdagan ito ng Pagsulat o Pagbasa (Read/Write), ang isa sa pinaka ginagamit modelo. Ayon kay Ferreira (2020), naniniwala si Fleming (1987) na ang bawat estilo ng pagkatuto ay nakadipende sa kognitibo, emosyonal, at pangkapaligiran na salik, ganoon din ang ating mga karanasan. Samakatuwid, ang bawat tao ay hindi magkatutulad.

Ayon sa aklat ni Ferreira (2020), nabanggit Neil Fleming (1987) na ang mga mag-aaral na Biswal, ay ang mag-aaral na natututo batay sa kanilang nakikita. Maari ang mga ito ay mga bidyo, mga babasahin, grapiko o larawan, at maging ang pagmamasid sa ginagawa ng iba. Ang *auditory* na mag-aaral naman ay ang mga mag-aaral na natututo sa pamamagitan ng pakikinig. Gaya ng mga diskurso, lektura, at pagbasa nito nang malakas. Ang pangatlo naman ay ang, Pagsulat o Pagbasa. Ayon sa pahayag Broadbent (2021) na ayon kay Fleming (1987), ang magaaral ay napabibilis ang pagkatuto sa pamamagitan ng pagbasa ng mga babasahin at pabubuod nito sa papel, at ang pagsusulat sa klase na nakasalungguhit ang mga mahahalagang impormasyon. At ang panghuli naman ay ang Kinestetik. Ayon sa aklat ni Ferreira (2020), inilahad ni Fleming (1987) na ang mag-aaral na kinestetik ay ang mga mag-aaral na natututo batay sa karanasan at mga *hands-on* na Gawain

**2. *KOLB'S LEARNING STYLES***

Ayon kay McLeod (2024), na ang estilo ng pagkatuto ni Kolb (1984) ay mayroong apat na magkakaibang estilo ng pagkatuto, na hango sa apat na yugto ng pagkatuto. Ipinaliwanag ni Kolb (1984), na ang magkaibang tao ay may likas na ninanais na isang magkaibang estilo ng pagkatuto (McLeod, 2024). Sa mga makrong kasanayang ekpresib, napatunayan sa pag-aaral ni Saavedra (2020) na ang pagkakaroon ng mahusay na kasanayan sa pagsasalita at pagsulat ay bunga din ng pagkakaroon ng mahusay na estilo ng pagkatuto ng mga mag-aaral lalo na yaong mga mag-aaral na kinahiligan na ang pagbabasa.

Ayos sa pahayag ni McLeod (2024), sinabi ni Kolb (1984) na maraming salik na nakaiimpluwensiya sa ninanais na estilo ng isang tao. Ang isang karaniwang paglalarawan ng dalawang kontinyo ni Kolb (1984) ay ang silangan-kanlurang aksis na tinatawag na “Processing Continuum” (kung paano natin ginagawa ang isang gawain), at ang hilaga-timog na aksis na tinatawag na “Perception Continuum” (ang ating emosyonal na tugon, o kung paano natin iniisip o nararamdaman ang isang bagay). (McLeod, 2024)

Ayon kay McLeod (2024), naniniwala si Kolb (1984) na hindi natin kayang isagawa ang dalawang bagay sa isang axis nang sabay (halimbawa, mag-isip at makaramdam). Ang ating istilo ng pagkatuto ay bunga ng dalawang piniling desisyon. Ayon kay McLeod (2024), mas madaling maipaliwanag ang estruktura ng mga istilo ng pagkatuto ni Kolb (1984) sa pamamagitan ng isang tigdadalawang matrix. Bawat estilo ng pagkatuto ay kumakatawan sa isang kombinasyon ng dalawang ninanais na estilo. Binibigyang diin din ng matrix ang terminolohiya ni Kolb (1984) para sa apat na estilo ng pagkatuto: *diverging, assimilating, converging, at accommodating.* (McLeod, 2024)

Ayon kay McLeod (2024) ang mga taong may estilong *diverging*, ay mas gusto nilang manood kaysa gumawa. Gumagamit ng imahinasyon o ng pag-iisip upang masolusyunan ang isang bagay. Sinabi din niyang, kaya ito tinawag ni Kolb (1984) na diverging sa kadahilanang ang mga tao ay mas gumagaling kapag napapagana ang kanilang isipan. Halimbawa na lamang nito ang brainstorming. Ang mga tao namang nasa *Assimilating* na estilo ay ang mga taong nais nang maayos at malinis na pagpapaliwanag kaysa sa pratikal na oportunidad. Mas gumagaling sila sa pag-unawa ng mga malalalim na impormasyon at sa pagsasa-ayos nito sa lohikal at maayos na *format*. Ang mga taong nasa *Converging* na estilo naman, ay ang mga taong nakapagbibigay ng solusyon sa problema at ginagamit ang mga natutuhan upang maghanap ng solusyon sa mga praktikal na isyu. Ang mga taong nasa converging na estilo ay nais na mag eksperiment sa mga bagong ideya, upang mapagana, at upang gumawa gamit ang mga praktikal na gawain. At ang mga nasa *Accomodating* na estilo naman ay ang mga taong “hands-on". Ang mga taong nasa ganitong estilo ay umaasa lamang sa impormasyon ng iba kaysa gumawa ng kanilang analisis.

Ipinahayag ni McLeod (2024), na ang yugto at daloy ng pagkatuto ni Kolb (1984) maaaring gamitin ng mga guro upang masusing suriin ang karaniwang paraan ng pagtuturo na *accesible* sa mga estudyante at upang

makabuo ng mas angkop na mga pagkakataon sa pag-aaral. Maging sa pagkatuto ng wika, napatunayan sa pag-aarala ni Saavedra at Karanain (2022) na isa sa dahilan ng hindi mahusay na pagsasalita ng mga mag-aaral ng wikang Chabacano ay sapagkat ito ginagamit sa kanilang tahanan maging sa paaralan o madaling sabi, hindi ito accesible sa mga mag-aaral. Kaya mas ninanais ng mga mag-aaral na matuto gamit ang wikang Ingles at Filipino.

## IV. PAGLALAHAD NG SULIRANIN

Ang pananaliksik na ito ay naglalayong tuklasin ang mga sumusunod;

1. Gaano kadalas ginagamit ang mga sumusunod na estilo ng pagkatuto?

Batay sa akademikong pagganap.

a. *Visual*
b. *Auditory*
c. *Tactile*

2. Gaano kadalas ginagamit ang mga sumusunod na estilo ng pagkatuto batay sa kasarian?
3. Mayroon bang makabuluhang pagkakaiba ang mga estilo ng pagkatuto ng mga magaaral batay sa akademikong pagganap?
4. Mayroon bang makabuluhang pagkakaiba ang mga estilo ng pagkatuto ng mga magaaral batay sa Kasarian?

## V. METODOLOHIYA

### 1.1 Disenyo ng Pananaliksik

Deskriptibong Disenyo ng Pananaliksik ang ginamit ng mga mananaliksik sa pag-aaral. Sa kadahilanang, ito ay tumatalakay sa Estilo ng Pagkatuto ng mga mag-aaral mula sa Batsilyer ng Edukasyong Pansekundarya ng Pampamahalaang Unibersidad ng Kanlurang Mindanao. Nais malaman ng mga mananaliksik kung ano ang mga estilo ng pagkatuto ng mga mag-aaral. At upang masagot nang wasto ang mga layunin ng pag-aaral.

### 1.2 Paraan sa pangangalap ng datos

Ang pag-aaral na ito ay idinaan muna sa *Research Ethics Oversight Comittee*, upang masiguro na walang nilabag ang mga mananaliksik sa alinmang bahagi ng pag-aaral.

Ang mga mananaliksik ay naghanda ng dalawampu at apat (24) na katanungan hinggil sa Estilo ng Pagkatuto ng mga mga-aaral na aabot sa sampung (10) minutong pagsasagot. Tiniyak ng mga mananaliksik na mayroong pahintulot ang pagsagot sa talatanungan, kung kaya ay naghanda ang mananaliksik ng consent form na nagsasaad ng kanilang pag sang-ayon sa pag-aaral ng mga mananaliksik.

### 1.3 Instrumento ng Pag-aaral

Ang instrumentong ginamit ng mga mananaliksik ay isang talatanungan na mula sa *Unibersidad ng California, Merced Student Advising and Learning Center*. Ito ay isang *free access* na talatanungan na naglalaman ng dalawampu at apat (24) na katanungan at tatlong iskala (madalas, minsan at madalang) mayroon din itong sariling pagtatasa upang malaman kung ano ang estilo ng pagkatuto ng mga kalahok sa pag-aaral.

### 1.4 Validity at Reliability ng Instrumento

Ang instrumentong ginamit ng mga mananaliksik ay mayroong a=0.84 na cronbach’s alpha reliability analysis test ang dalawampu at apat na aytem. Samantala, ang mga *subscales* ay may katanggap tanggap na resulta. A=0.74 para sa *visual*, a=0.67 para sa *auditory*, at a=0.63 naman para sa *tactile.*

### 1.5 Kalahok at Disenyo ng Sampling sa Pag-aaral:

Ang pag-aaral ay binubuo ng 60 kalahok. Ang mga kalahok sa pag-aaral na ito ay mga estudyante na nasa antas mula unang taon hanggang ika-apat na taon sa kursong Batsilyer ng Edukasyong Pansekundarya na Nagpapakadalubhasa sa Wikang Filipino sa Pampamahalaang Unibersidad ng Kanlurang Mindanao. Ang mananaliksik ay gumamit ng *purposive sampling*, sapagkat ang mga mag-aaral ay mula sa Batsilyer ng Edukasyong Pansekundarya na Nagpapadalubhasa sa Wikang Filipino ay ang kalahok sa pag-aaral at ito ay nakabatay sa layunin ng mga mananaliksik.

### 1.6 Pag-aanalisa ng datos

Upang matukoy ang mga suliranin sa pag-aaral, ang mga mananaliksik ay gumamit ng deskriptibong estadistika gaya ng mean, upang matukoy ang pangkalahatang estilo ng pagkatuto ng mga mag-aaral batay sa akademikong pagganap at kasarian. Ang mga mananaliksik ay tiningnan ang normality ng mga datos sa pamamagitan ng paggamit ng *normality test* upang matukoy kung parametric o non-parametric test ang gagamitin. Napag-alaman sa paggamit ng normality test ay hindi normal ang distribusiyon ng mga datos. Kung kaya ay gumamit ang mga mananaliksik ng Kruskal-wallis test na alternatibo sa One way Analysis of Variance (ANOVA) at Mann Whitney U-test na alternatibo sa *Independent Sample T-test.*

### 1.7 Etikal na Konsiderasyon

Ang mga mananaliksik ay naglalayong protektahan ang mga datos ng mga kalahok na alinsunod sa *Data Privacy Act of 2012 (Republic Act No. 10173).* Ang mga datos na nakolekta mula sa mga kalahok ay pagtitibayin ng mga mananaliksik at paiigtingin ang seguridad. Ang mga mananaliksik ay humingi ng pahintulot na nagsasabi na ang mga kalahok ay sumasangayon sa mga bahagi ng pag-aaral, sa pagkolekta ng mga datos, at boluntaryong partisipasyon. Sa pamamagitan ng paglagda, ang mga kalahok ay sumasang-ayon na ibahagi ang kanilang personal na impormasyon.

Bukod pa riyan, tinitiyak din na ang mga datos na naibahagi ng mga kalahok ay itinago sa isang *Google drive* para sa mga *soft copies* at sa isang *drawer* naman para sa mga hard copy. At ang mga ito, ay tanging mga mananaliksik lamang ang may pahintulot na gamitin at magkaroon ng access sa mga impormasyon ng mga kalahok sa pag-aaral at iwawaksi hanggang sa katapusan ng pag-aaral.

## VI. PAGTATALAKAY

Sa bahaging ito makikita ang mga natuklasan ng mga mananaliksik at ang mga resulta ng pag-aaral. Makikita rin kung paano sasagutin ang mga katanungan ng mga sa pag-aaral.

1. Gaano kadalas ginagamit ang mga sumusunod na estilo ng pagkatuto batay sa akademikong pagganap?

**OUTSTANDING LEARNERS**

Ang mga outstanding na mag-aaral ay nagtamo ng mean score na n=3.71. Ito ay nangangahulugan na ang mga outstanding na mag-aaral ay madalas na ginagamit ang biswal na estilo ng pagkatuto

***Table 1. Average mean of Outstanding learners in Visual Items***

| N | *Average Mean* | *Interpretation* |
|---|---|---|
| 7 | 3.71 | Madalas |

***Legend:***
1.0-1.67= Madalang
1.68-3.35= Minsan
3.36-5.0= Madalas

Gayundin sa Awditori, na nagtamo ng mean score na n=3.375. Ibig sabihin madalas din nilang ginagamit ang Awditori na Estilo ng Pagkatuto

***Table 2. Average mean of Outstanding Learners in Auditory Items***

| N | *Average Mean* | *Interpretation* |
|---|---|---|
| 7 | 3.375 | Madalas |

***Legend*:**
1.0-1.67= Madalang
1.68-3.35= Minsan
3.36-5.0= Madalas

Samantala, ang mga mg-aaral na outstandIng ay nagtamo g mean score na n=2.531 sa mga Tactile Items. Ito ay nangangahulugang minsan na ginagamit ang estilo ng pagkatuto na Tactile.

***Table 3. Average mean of outstanding learners in Tactile Items***

| N | *Average Mean* | *Interpretation* |
|---|---|---|
| 7 | 2.531 | Minsan |

***Legend:***
1.0-1.67= Madalang
1.68-3.35= Minsan
3.36-5.0= Madalas

**EXCELLENT LEARNERS**

Ang mga mag-aaral na Excellent ay nagtamo ng average mean na n=3.796. Ito ay nanngangahulugang madalas nilang ginagamit ang biswal na estilo ng pagkatuto.

***Table 4. Average mean of Excellent learners in Visual Items***

| ***N*** | ***Average Mean*** | ***Interpretation*** |
|---|---|---|
| 32 | 3.796 | Madalas |

***Legend:***
1.0-1.67= Madalang
1.68-3.35= Minsan
3.36-5.0= Madalas

Ganoon din sa Awditory na estilo ng pagkatuto, ang mga mag-aaral ay nagtamo ng average mean na n=3.81. Madalas nilang gnagamit ang nasabing estilo sa klase.

***Table 5. Average mean of Excellent learners in Auditory Items***

| ***N*** | ***Average Mean*** | ***Interpretation*** |
|---|---|---|
| 32 | 3.81 | Madalas |

***Legend:***
1.0-1.67= Madalang
1.68-3.35= Minsan
3.36-5.0= Madalas

Samantala, ang mga excellent na mag-aaral ay lamang ng mean average na n=2.56. Ibig sabihin, minsan lamang ginagamit ang pandamang estilo ng pagkatuto

***Table 6. Average mean of Excellent learners in Tactile Items***

| ***N*** | ***Average Mean*** | ***Interpretation*** |
|---|---|---|
| 32 | 2.56 | Minsan |

***Legend:***
1.0-1.67= Madalang
1.68-3.35= Minsan
3.36-5.0= Madalas

**VERY SATISFACTORY**

Ang mga mag-aaral na very satisfactory ay nagtamo ng mean average na n=3.809. Ibig sabihin ang mga mag-aaral ay madalas ginagamit ang biswal na estilo ng pagkatuto.

***Table 7. Average mean of Very Satisfactory Learners in Visual Items***

| ***N*** | ***Average Mean*** | ***Interpretation*** |
|---|---|---|
| 21 | 3.809 | Madalas |

***Legend:***
1.0-1.67= Madalang
1.68-3.35= Minsan
3.36-5.0= Madalas

Ganoon din sa awditori na estilo. Sapagkat, ang mga mag-aaral ay nag-tamo ng mean average na n=3.684

***Table 8. Average mean of Very Satisfactory Learners in Auditory Items***

| ***N*** | ***Average Mean*** | ***Interpretation*** |
|---|---|---|

| | | |
|---|---|---|
| 21 | 3.684 | Madalas |

***Legend:***
1.0-1.67= Madalang
1.68-3.35= Minsan
3.36-5.0= Madalas

Samantala ang mga mag-aaral ay nagtamo ng mean average na n=2.958. Ito ay nangangahulugang minsan lamang nila ginagamit ang Tactile na estilo ng pagkatuto.

***Table 9. Average mean of Very Satisfactory Learners in Tactile Items***

| N | Average Mean | Interpretation |
|---|---|---|
| 21 | 2.958 | Minsan |

***Legend:***
1.0-1.67= Madalang
1.68-3.35= Minsan
3.36-5.0= Madalas

2. Gaano kadalas ginagamit ang mga sumusunod na estilo ng pagkatuto batay sa kasarian?

**LALAKI**

Ang mga lalaking mag-aaral ay nagtamo ng average mean na n=3.81 na siyang nangangahulugan na madalas nilang ginagamit ang estilo ng pagkatuto.

***Table 1. Average mean of male respondents in Visual Items***

| N | Average Mean | Interpretation |
|---|---|---|
| 14 | 3.821 | Madalas |

***Legend:***
1.0-1.67= Madalang
1.68-3.35= Minsan
3.36-5.0= Madalas

Ganoon din sa awditori na estilo ng pagkatuto. Ang mga mag-aaral ay nagtamo ng average mean na n=4.035

***Table 2. Average mean of male respondents in Auditory Items***

| N | Average Mean | Interpretation |
|---|---|---|
| 14 | 4.035 | Madalas |

***Legend:***
1.0-1.67= Madalang
1.68-3.35= Minsan
3.36-5.0= Madalas

Samantala, nagtamo naman ng average mean na n=2.919 ang mga mag-aaral sa tactile items. Ito ay nangangahulugang madalas na ginagamit ng mga lalaking mag-aaral ang estilo ng pagkatuto na Tactile

***Table 3. Average mean of male respondents in Tactile Items***

| N | Average Mean | Interpretation |
|---|---|---|
| 14 | 2.919 | Minsan |

***Legend:***
1.0-1.67= Madalang
1.68-3.35= Minsan
3.36-5.0= Madalas

**BABAE**

Ang mga babaeng mag-aaral ay nagtamo ng average mean na n=3.782. Na nangangahulugang madalas nulang ginagamit ang Biswal na estilo ng pagkatuto.

***Table 4. Average mean of female respondents in Tactile Items***

| N | Average Mean | Interpretation |
|---|---|---|
| 46 | 3.782 | Madalas |

***Legend:***
1.0-1.67= Madalang
1.68-3.35= Minsan
3.36-5.0= Madalas

Ganoon din sa estilo ng pagkatuto na awditori. Nagtamo naman ito ng average mean na n=3.695

***Table 5. Average mean of female respondents in Tactile Items***

| N | Average Mean | Interpretation |
|---|---|---|
| 46 | 3.695 | Madalas |

***Legend:***
1.0-1.67= Madalang
1.68-3.35= Minsan
3.36-5.0= Madalas

Samantala, minsan lamang ginagamit ng mga babaeng mag-aaral ang tactile na estilo ng pagkatuto.

***Table 6. Average mean of female respondents in Tactile Items:***

| N | Average Mean | Interpretation |
|---|---|---|
| 46 | 2.899 | Madalas |

***Legend:***
1.0-1.67= Madalang
1.68-3.35= Minsan
3.36-5.0= Madalas

3. Mayroon bang makabuluhang pagkakaiba ang mga estilo ng pagkatuto ng mga magaaral batay sa akademikong pagganap?

Sa paggamit ng Kruskal-Wallis test, napag-alaman na walang makabuluhang pagkakaiba ang mga estilo ng pagkatuto batay sa akademikong pagganap sa kanilang iskor sa mga bilang. Dahil nagtamo ito ng p-value na 0.742 na lumagpas sa significance level na 0.5

***Table 1. Comparison of Learning Style Scores across the Academic Performance of the Students'***

| | ***Academic Performance*** | ***N*** | ***Mean Rank*** | ***P-Value*** | ***Interpretation*** |
|---|---|---|---|---|---|
| *Learning Style Scores* | *Outstanding* | *7* | *26.86* | *0.742* | *Not Significant* |
| | *Excellent* | *32* | *31.69* | *0.742* | *Not Significant* |
| | *Very Satisfactory* | *21* | *29.90* | *0.742* | *Not Significant* |

*0.05 alpha level

4. Mayroon bang makabuluhang pagkakaiba ang mga estilo ng pagkatuto ng mga magaaral batay sa Kasarian?

*Table 2. Significant Difference between the Learning Styles of the Students based on Sex*

| | Sex | N | Mean Rank | P-Value | Interpretation |
|---|---|---|---|---|---|
| Student's Learning Style | Male | 14 | 29.57 33.57 | 0.401 | Not Significant |
| | Female | 46 | | | |

*0.05 alpha level

## VII. PANGKALAHATANG TALAKAYAN

Base sa mga nakalap at na-analisang datos, nasagot ang katanungan hinggil sa kung ano ang pinakamadalas na ginagamit ng mga estilo ng mga mag-aaral. Napatunayan na ang mga outstanding na mag-aaral ay madalas na ginagamit ang biswal na estilo ng pagkatuto na nagtamo ng average mean na n=3.71 na sinundan ng awditori na estilo na mayroong average mean na n=3.375 at nagtamo naman ng average mean na n=2.531 na nangangahulugan na minsan lamang ginagamit ang Pandama o tactile na estilo ng pagkatuto.

Ang mga mag-aaral na very satisfactory ay madalas ding ginagamit ang biswal na estilo ng pagkatuto dahil nagtamo ito ng average mean na n=3.809 na sinundan ng awditori na may average mean na n=3.684 ito ay nangangahulugang madalas nilang ginagamit ang biswal na estilo ng pagkatuto. Ngunit, ang mga very satisfactory na mag-aaral ay minsan lamang ginagamit ang pandamang estilo na nagtamo naman ng average mean na n=2.958

Ang mga natuklasan ng mga mananaliksik sa dalawang uri ng mag-aaral ay sinusuportahan ang pag-aaral nina Raju at Madhuri (2017) na biswal na estilo ang ninanais na estilo ng pagkatuto ng mga mag-aaral na sinundan ng awditori, pagbasa at pagsulat, at kinestetik o Tactile na estilo ng pagkatuto.

Samantala, ang mga mag-aaral na excellent ay Awditori na estilo ang kanilang madalas na ginagamit dahil nagtamo ito ng n=3.81 na average mean. Gayundin sa biswal na estilo ng pagkatuto na nagtamo ng average mean na n=3.796 at minsan lamang ginagamit ang estilo ng pagkatuto na Pandama na nagtamo ng average mean na n=2.56

Ang natuklasan sa pag-aaral na ito ay sinusuportahan ng pag-aaral ni Al-roomy (2023) na awditori ang estilo ng pagkatuto na ninanais ng mga mag-aaral.

Ang madalas na ginagamit na estilo ng pagkatuto batay sa kasarian, ay awditori na estilo ng pagkatuto kapag sa lalaki dahil nagtamo ito ng average mean na n=4.035 na sinundan ng awditori na nagtamo ng average mean na n=3.81 at minsan naman ginagamit ang pandamang estilo ng pagkatuto na nagtamo ng average mean na n=2.919.

Samantala ang estilo ng pagkatuto na biswal naman ang madalas na ginagamit ng mga babaeng mag-aaral dahil nagtamo ito ng average mean na n=3.782 na sinundan ng awditori na mayroong average mean na n=3.695 at minsan lang ginagamit ng mga babaeng mag-aaral ang pandamang estilo na nagtamo ng average mean na n=2.899.

Ang resultang ito ay sinusuportahan ang pag-aaral ni Syahrir et al. (n.d.), na biswal na pagkatuto ang mga babaeng mag-aaral at awditori naman ang mga lalaki.

Sa paggamit ng Kruskal-Wallis test, napag-alaman na walang makabuluhang pagkakaiba ang mga estilo ng pagkatuto batay sa akademikong pagganap sa kanilang iskor sa mga bilang. Dahil nagtamo ito ng p-value na 0.742 na lumagpas sa significance level na 0.05. At napag-alaman din sa pamamagitan ng paggamit ng Mann-Whitney U test, na walang makabuluhang pagkakaiba ang mga estilo ng pagkatuto ng mga mag-aaral batay sa kanilang kasarian. Dahil nagtamo ito ng p-value na p=0.401.

Ang mga resulta sa pag-aaral na ito ay sinusuportahan ang pag-aaral ni Eid et al. (2021), na sinasabing walang makabuluhang estadistikal na pagkakaiba ang naobserbahan sa babae at lalake batay sa kanilang estilo ng pagkatuto. At ang pag-aaral ni Kohan et al., (2021), na sinasabing hindi nagpakita ng makabuluhang estadistikal na pagkakaiba sa estilo ng pagkatuto ng mga magagaling at nangangailangan ng kalinangan na mag-aaral.

## VIII. KONKLUSYON

Ang resulta ng pananaliksik na ito ay nagpapakita na ang mga madalas na ginagamit na estilo ng pagkatuto ng mga mag-aaral batay sa kanilang akademikong pagganap ay ang Biswal at Awditori, minsan naman nila ginagamit ang Pandamang estilo ng pagkatuto. Samantala ang mga lalaking mag-aaral ay madalas na ginagamit ang Awditori na estilo ng pagkatuto at Biswal na pagkatuto naman sa babaeng mag-aaral. Ang kinalabasan ng pananaliksik na ito ay nagpapahiwatig na walang makabuluhang pagkakaiba ang estilo ng pagkatuto ng mga mag-aaral sakanilang akademikong pagganap at wala ring makabuluhang pagkakaiba ang kasarian ng mga mag-aaral sakanilang estilo ng pagkatuto.

**SANGGUNIAN:**


[1] Kajal, & Kajal. (2024, May 27). 10 different types of learners: The Asian School Dehradun. |. https://www.theasianschool.net/blog/types-of-learners/

[2] Main, P (2022, November 15). Learning Styles. Retrieved from https://www.structurallearning.com/post/learning-styles

[3] Ferreira, A. V. (2020, September 3). The learning styles and their theories. https://www.linkedin.com/pulse/learning-styles-theories-anderson-vicente-ferreira

[4] Saavedra, A., Alejandro, WD., & Espinosa, R. (2022). Self-perceived Research Competence among Social Sciences Students: An Investigative Survey during the COVID-19 Pandemic.International Journal of Health Sciences, 4211-4221

[5] Stephanie Escuadro. (2023, May 17). SC Training. Retrieved April 16, 2025, from https://training.safetyculture.com/blog/4-types-of-learners/

[6] Saavedra, A. (2020). Teachers' preference on the local policy implementation of the mother tongue based-multilingual education: An assessment. Asian EFL 27 (2.2), 217-238

[7] Katie Broadbent. (2021, April 7). Retrieved April 16, 2025, from https://www.melioeducation.com/blog/vark-different-learning-styles/

[8] Simply Psychology. (2024, February 2). Kolb's Learning Styles & Experiential Learning Cycle. https://www.simplypsychology.org/learning-kolb.html#Educational-Implications

[9] Saavedra, A. & Karanain, F. (2022). Learners' beliefs and use of chavacano as medium of instruction. Journal of Language and Linguistics 10 (1), 40-46

[10] Main, P. (2023, February 5). Learning styles. Structural Learning. Retrieved from https://www.structural-learning.com/post/learning-styles

[11] Raju, T., & Madhuri, T. (2022). A study on learning style preferences among secondary school students. Journal of Positive School Psychology, 2022, Vol. 6, No. 9, 1209–1217. https://www.google.com/url?sa=t&source=web&rct=j&opi=89978449&url=https://journalppw.com/index.php/jpsp/article/download/12402/8036/14869&ved=2ahUKEwi4yZnVltuHAxVPsFYBHbpAL14QFnoECB4QAQ&usg=AOvVaw3M6P_SpZZ4WjGkxFZCgTlK

[12] Chikendu, R. E. (2022, August 8). VISUAL LEARNING STYLE AND ACADEMIC PERFORMANCE OF SENIOR SECONDARY SCHOOL STUDENTS IN ANAMBRA STATE, NIGERIA. Retrieved from https://ajemates.org/index.php/ajemates/article/view/128

[13] Al-Roomy, M. A. (2023). The relationship among students' learning styles, health sciences colleges, and grade point average (GPA). Advances in Medical Education and Practice, Volume 14, 203–213. https://doi.org/10.2147/amep.s395720

[14] Magulod, G. (2019). Learning styles, study habits and academic performance of Filipino University students in applied science courses: Implications for instruction. Journal of Technology and Science Education, 9(2), 184. https://doi.org/10.3926/jotse.504

[15] Sarabi-Asiabar, A., Jafari, M., Sadeghifar, J., Tofighi, S., Zaboli, R., Peyman, H., Salimi, M., & Shams, L. (2014). The relationship between learning style preferences and gender, educational major and status in first year medical Students: a survey study from Iran. Iranian Red Crescent Medical Journal, 17(1). https://doi.org/10.5812/ircmj.18250

[16] Eid, A. B., Almutairi, M., Alzahrani, A., Alomair, F., Albinhamad, A., Albarrak, Y., Alzuaki, M., Alyahya, S., & Abdulrahman, K. B. (2021). Examining Learning Styles with Gender Comparison Among Medical Students of a Saudi University. Advances in Medical Education and Practice, Volume 12, 309–318. https://doi.org/10.2147/amep.s295058

[17] Syahrir, Mahmud, M., & Salija, K. (n.d.). MALE AND FEMALE STUDENTS' LEARNING STYLES AND THEIR EFFECTS ON EFL ACHIEVEMENTS. Universitas Negeri Makassar.https://www.google.com/url?sa=t&source=web&rct=j&opi=89978449&url=https://eprints.unm.ac.id/14948/1/ARTIKEL.pdf&ved=2ahUKEwjAl76dhICKAxXYk

[18] Lincă, F. I., & Matei, F. L. (2024). Learning styles and academic performance among students. Revista Academiei Forţelor Terestre, 29(1), 63–68. https://doi.org/10.2478/raft-2024-0006

[19] Kohan, N., Janatolmakan, M., Rezaei, M., & Khatony, A. (2021). Relationship between Learning Styles and Academic Performance among Virtual Nursing Students: A CrossSectional Study. Education Research International, 2021, 1–6. https://doi.org/10.1155/2021/8543052